

CHAPTER *One*

S arap na sarap sa pagtulog si Yonna nang hinatak ng panganay niyang ate ang kanyang binti. “Hoy, gising na! Iiwan ka namin!”

Kahit gusto pa sanang matulog ay ibinangon niya ang sarili dahil ngayon ang alis nila papuntang Amalaya. May gaganaping music festival doon na sponsored ng *Green Peace* at *DENR* para sa preservation ng mga dugong. Marami raw darating na mga musikerong Pinoy at may ilang international artists din.

Mabilis siyang naligo at nagbihis.

“Yonna, dalian mo! Matagal pa ba? Aalis na kami!” sigaw ulit ng kanyang Ate Jenna habang papasok sa kotse kasama ang ikalawa niyang ate

na si Gracia.

Patakbong lumabas si Yonna ng bahay habang bitbit ang isang travelling bag at suklay dahil hindi pa siya tapos mag-ayos ng sarili. Sana kasi mas maaga siyang ginising para hindi siya na-late. Sinabihan niya ang maid nang nakaraang gabi na gisingin siya nang six pero hindi naman nito ginawa.

“Girls, you all take care!” bilin ng mommy nila nang pinaandar ni Gracia ang sasakyan palabas ng gate. Sa Amalaya na raw sila magkikita ng mga pinsan.

Nag-text si Yonna sa kaibigang si Jen-Jen para itanong kung nasa Amalaya na ito. Text back nito na nandoon na raw at marami nang nagdadatingan sa tahimik na baybayin.

Inaasahan na nila na dadayuhin ito nang maraming tao. *Woodstock* daw ito na Philippine edition kaya maraming hippie na pupunta. Excited sila dahil siguradong masaya ito.

Pinatugtog ni Gracia ang isang *Foster the People* album sa CD player kaya nakisabay si Yonna sa pag-awit. Marami silang nakakasabay na mga kotse sa kalsada at siguradong ang iba sa mga ito ay papunta rin sa week-long festival sa Amalaya. Maganda ang kanilang takbo hanggang sa makarating sa highway

at naabutan doon ang grupo ng mga big bike riders na kaskaserong nagpaliku-liko sa kalsada na para bang sa kanila ang daan.

“Leche!” sigaw ni Gracia dahil lumiko ang isang bike rider sa kanilang harap na parang wala lang.

Nagsalubong ang kanilang mga kilay dahil sa inis. *Devil Riders* ang tawag nila sa grupong sakay ng mga dambuhalang motor na lumilibot sa kanilang probinsya. Ewan kung ano ang inililibot ng mga ito. Ang sabi sa ibang usapan ay may mga pautang daw ang mga ito sa magkakalapit na bayan at ang iba naman na balita ay runner daw ng mga droga ang grupo. Hindi sila sigurado kung ano ang totoo dahil hindi nila kakilala ang mga ito. Galing ang mga riders sa iba’t ibang mga bayan, karamihan ay mula sa Kapitolyo. At dahil ‘heavy metal’ kung manamit at punung-puno ng tattoo ang katawan, inaakala ng marami, lalo na iyong mga makaluma ang kaisipan, na masasamang tao ang mga ito.

Si Gracia ay mura nang mura pero siguro kung ibang pasaway na driver ang mga ito, baka binuksan na ng kapatid ang bintana para manigaw, kaso takot din ang ate niya sa grupo. Paano kung bigla silang hintuan at tutukan ng baril? Puro pa naman sila mga babae. Sino ang tutulong sa kanila?

Nakita ni Yonna ang kotse ng kaibigang si Lotlot kaya binuksan niya ang bintana at tinawag ito. Nagbukas din ang babae ng bintana at binelatan siya.

“Sana may mabingwit kang guwapo sa Amalaya!” sigaw nito. Mukhang hindi doon ang punta ng pamilya nito.

Tawa naman ang sagot niya. Kaklase niya sa high school ang dalaga at pareho silang kaga-graduate lang sa college kaya puro enjoy-enjoy muna ang kanilang ginagawa.

Napatigil ang kanilang sigawan nang dumaan sa pagitan ng mga kotse nila ang mga *Devil Riders*. Tila goons talaga ang mga ito sa malapitan dahil sa matatapang at may sa berdugong mga mukha. Parang walang ginawa kundi mag-motor na lang.

“Boyfriend mo!” sigaw niya kay Lotlot habang itinuturo ng tingin ang dambuhalang lalaki na balbas-sarado at nagda-drive ng malaking motor na mababa ang seat at mataas ang hand grip.

“Eww!” sigaw pabalik ni Lotlot sabay tawa.

Binigyan naman siya ng flying kiss ni Dambuhala. Mukhang na-gets nito ang kanilang usapan.

Itinigil nila ni Lotlot ang huntahan nang dumaan ang kalbong lider ng grupo dahil nakakatakot ang hitsura nito; parang mamatay-tao lalo na at puno

ng tattoo ng dragon ang mga braso nito. Itinaas nila pareho ang kanilang mga bintana dahil sa takot. Ang dinig kasi nila ay nakulong ito dati matapos may napatay na tao.

Narating nila ang bayan ng Amalaya kung saan abala ang mga kalsada dahil sa dami ng mga sasakyan na nagdadatingan. Sa simpleng araw ay hindi ganito karami ang tao roon. Maraming napapabisita dahil maganda ang beach at maganda ang turismo roon, pero hindi ganito na parang piyesta.

“Tingnan mo ang lukaret!” sabi ni Jenna kay Gracia habang itinuturo ang kaklase ng huli noong high school na si Rizza na nagsasayaw nang sexy sa likod ng truck ng kuya nito. Umaalingawngaw ang birit ni Rihanna mula sa sasakyan.

Tinapunan ito ni Gracia ng baong macadamia nuts.

“Gracia, sweetie!” sigaw ni Rizza habang itinataas ang mga braso para kumaway.

Napatawa silang magkapatid dahil pagtaas ng mga braso ay tumaas ang hanging sando ni Rizza kaya na-display ang ibabang bahagi ng boobs nito. Kaunti na lang at makikita na ang n*pples. Ito ang pinaka-wild nilang kakilala. Walang pakialam ang babae sa kung anumang sasabihin ng ibang

tao. Tinawag si Rizza ng grupo ng mga hippie na nakasakay sa traktora ng kalabaw. Isang flying kiss ang ibinigay nito sa mga lalaki sabay giling ng baywang. Mamaya, mapagsasabihan na naman ito ng kuya na nagda-drive ng truck. Mga kapita-pitagang guro sa elementarya ang mga kapatid nito at ang ina ay isang katekista, pero si Rizza ay may pagkabalasubas.

Medyo ma-traffic papunta sa mga beach resorts kaya napapakanta si Yonna sa saliw ng tugtog nila habang pinipilit ni Gracia na makapasok sa kalsada papunta sa beach resort ng kaibigan nitong si Cara. Mga beinte minuto rin yata ang naubos nila bago narating ang resort. Paghinto nila, napansin nilang sa resort din nakahinto ang malalaking motor ng mga *Devil Riders*. Agad silang nag-alala dahil ayaw nilang makasama ang grupo.

“Gracia!” tawag ni Cara sabay lapit sa kanilang sasakyan.

“Bakit nandyan ang mga ’yan?” tanong ng ate niya habang itinuturo ang malalaking motor.

“Nagpa-reserve din eh, at nagbayad sila noong isang linggo pa, kaya bakit hindi?”

Hindi na nakasagot ang magkakapatid. Hindi sila makakapili dahil wala na silang makikitang

bakanteng kuwarto sa araw na iyon sa dami ng mga taong naroon para sa isang linggong festival.

Naunang umakyat ang mga ate niya sa kuwarto. Si Yonna ay naiwan dahil hinahanap niya ang phone na nahulog pala sa sahig ng sasakyan. Pagkatapos iyong pulutin bumaba siya ng sasakyan at naglakad habang nagti-text....

Hindi niya napansin na may motor palang papasagasa sa kanya. Mabuti na lang at nakapreno ang driver kaya hindi masyadong masakit ang pagkabunggo sa kanya, pero na-out of balance pa rin siya at napabagsak. Nakakahiya dahil napatigil yata ang buong lugar para tingnan ang paglugmok niya sa lupa.

Tinulungan naman siya ng dalawang *Devil Riders* upang makatayo pero pinalis niya ang kamay ng mga ito. Hinarap niya ang nakabangga. Nakababa na ito mula sa motorsiklo para sana tulungan din siya.

“What were you thinking? Akala mo sa ’yo ang lugar na ’to!” singhal ni Yonna sabay sipa sa gulong ng motor nito. Akala siguro ng lalaki ay matatakot siya.

Hinubad ng driver ang helmet at tumambad sa kanya ang pamilyar na mukha ng nakakabatang

kapatid ng kalbong lider. “Ikaw kaya ang wala sa lugar! Nagti-text ka habang naglalakad. Naghahanap ka ng disgrasya!”

“Bakit kalsada ba ’to?” balik niya. “Magti-text ako kahit saan ko gusto!” Binigyan niya ang lalaki ng matalim na tingin.

“Marami ang namamatay sa yabang,” sagot nito.

“Ako pa mayabang? Tingnan mo nga ’yang hitsura mo kung hindi punung-puno ng yabang ’yan!”

Ang mga ate niya ay mabilis na bumaba at hinila siya paakyat sa itaas kung saan nakapuwesto na ang mga pinsan nila sa mga kuwarto.

“Huwag mong patulan ang mga ’yan,” pangaral ng kanyang Ate Jenna. “Huwag kang bumaba sa level nila at baka kung ano ang gawin ng mga kriminal na ’yun.”

“Wala na tayong magagawa dahil nagbabayad din sila,” sabi ng pinsan nilang si Ate Margot na imbyerna rin sa grupo. “Hayaan n’yo na, huwag na lang nating pansinin. Doon naman sila sa ibaba at dito tayo sa itaas.”

Dumating muli si Cara kaya natigil sila sa pagkukuwentuhan ng tungkol sa ibang bisita nito at napatuon ang kanilang pansin sa bitbit nitong

bilao ng pansit at puto. Habang nagmimerienda ay pinagmamasdan nila ang mga napapadaan sa dalampasigan. Parang fiesta nga, lalo na at pinalagyan ng mga taga-munisipyo ng mga banderitas ang mga puno ng niyog. Excited na ang kaedad niyang pinsang si Mimi dahil darating sa weekend ang rakistang si Roger Akaci na crush na crush nito. Excited si Yonna dahil siguradong marami siyang makikilala.

Beinteng pares ng swimsuits ang dala niya para sa walong araw nilang bakasyon dito sa Amalaya. Dapat talagang bongga ang outfit niya.

Abala ang dalaga sa katitingin sa mga napapadaan nang nahagip ng mga mata niya ang lalaking nakabunggo sa kanya kanina. Nakatingin din ang grupo ng *Devil Riders* sa dalampasigan. Hindi niya akalain na matangkad pala ito, parang six-footer dahil parang tore habang katabi ang mga kagrupo. Nakaitim na T-shirt lang ito at nakapantalón, hindi brutal ang porma di tulad ng mga kasamahan. Pero puno rin ng tattoo ang mga braso ng lalaki.

May dumaan na mga seksing binabae at sinipulan ng mga *Devil Riders* kaya huminto ang mga ito para rumampa sa harap ng grupo. Si Tangkad, iyong muntik makasagasa sa kanya, ang

pinuntirya ng mga bakla dahil ito lang naman kasi ang disente ang hitsura; karima-rimarim na iyong iba! Sinayawan ng isang super sexy gay si Tangkad. Niyakap naman ito ng huli, binigyan ng dip at isang halik sa noo. Halos himatayin ang bakla sa kilig.

Napataas naman ang kilay ni Yonna. Baka kaya gay din ito at hindi straight? Mayamaya ay nakita niyang pabirong sinasakal na nito ang bakla.

“Tulong!” kunwaring sigaw ng huli.

Binitiwang naman ito ni Tangkad. Nagkakatuwaang umalis na ang mga binabae.

Pumasok siya sa kanyang kuwarta at nagpalit ng yellow two-piece. Pagkatapos pinuntahan na niya si Mimi. Sabay silang tumakbo papuntang dagat para magtampisaw. Sinabuyan siya ng pinsan ng tubig-dagat kaya sinabuyan niya rin ito.

Nang minsang itinaas niya ang mga mata ay nakasalubong niya ang tingin ni Tangkad. Bongga niya itong tinaasan ng kilay bago tumalikod at tumakbo sa tubig para makalusong. Sumunod si Mimi sa kanya.

Nagdatingan din ang mga ate nila para mag-swimming. Ang mga kapatid niya ay insecure sa mga bilbil sa tiyan. May pagka-chubby ang mga ito dahil nagmana sa kanilang ina. Mabuti na lang at sa ama

siya nagmana kaya naturally slim siya.

Naghabulan sila ni Mimi matapos siya nitong sabuyan ng buhangin.



Tahimik lang na nakatingin si Rigo kay Yonna Roces. Kilala niya ang dalaga sa pangalan at alam niyang doktora ang ina nito at may-ari ng rice mill ang amang si Arthur. Maganda ito pero iyong tipong ganda na hanggang pangarap lang dahil hindi niya maabot. Nabunggo niya ito kanina at siya pa ang sinisi samantalang ito ang patanga-tanga. Nagti-text ba naman habang naglalakad.

“Ang yabang naman ng mga babaeng ‘yan,” komento ni Kato. “S’abi ng pinsan kong kusinera, ayaw daw tayong makasama ng mga ‘yan dito sa resort. Feeling magaganda, eh, ‘yung naka-yellow lang naman ang may hitsura diyan. Ang mga ate mapuputi lang at ang iba parang mga hunyango na.”

Napatawa si Rigo. “Huwag mo nang pansinin. Ikaw lang naman ang kinakatakutan niyan sa atin dahil baka chansingan mo.”

Binigyan siya ng kaibigan ng nasaktang tingin. “Grabe ka naman! Alam mo namang wala akong record ng rape o sexual harrassment ha, pagnanakaw lang.”

Lalong lumakas ang tawa ni Rigo. Si Kato kasi ang pinakadambuhala sa kanila at pinakanakakatakot ang hitsura dahil sa mahabang balbas at sobrang pangong ilong, pero ito ang pinakamabait. Kaya lang ito nagka-record sa pulis ay dahil pinilit ito ng kuya niya na magnakaw ng manok sa kapitbahay para may pangpulutan sila. Naalala niyang siya pa ang inutusan ng magkaibigan na magnakaw ng mantika para may pangprito sila sa manok, pero si Kato lang ang nadakip at na-blotter.

Nagpabili si Rigo ng beer kay Duleng, ang pinakamaliit at pinakapayatot nilang kabarkada para may matungga naman ang mga kasamahan nila. Pagdating ng alak ay umupo sila sa buhangin at nakinig ng mga Metal songs mula sa mga records na dala ni Guzman.

Napatutok uli ang tingin niya kay Yonna Roces. Parang sa bata pa talaga ito kung bumungisngis. Bunso kasi kaya siguro parang bini-baby pa.

Nang dumating sina Bimboy at Tutubi, gumala agad ang mga ito pagdating sa resort. Mga binatilyo kasi kaya adventurous.

“Nakita ko si Rizza d’on, Tiyong, oh!” sumbong ni Bimboy habang dumadampot ng beer.

Napangiti si Rigo. Girlfriend niya ang babae

nang isang linggo bago siya nito iniwasan dahil pinagbawalan daw ng kuya. Ayaw naman niyang mamilit kaya tinanggap lang niya iyon.

Pero ngayon, dumaan si Rizza sa harap nila kaya napapito ang lahat ng kanyang mga kasamahan. Labas ang cleavage nito at sobrang iksi ng shorts. Maganda naman talaga katawan ni Rizza. Maitim nga lang ang singit at kili-kili kaya turned off siya nang kaunti. Kapag sa dilim ay wala siyang makikita kaya puwede na, pero kapag may ilaw na ay pumipikit na lang siya.

Nilagyan nga niya ng papaya whitening soap ang bag nito minsan para tulong na rin sa dalaga. Ewan kung ginamit ni Rizza. Parang hindi, kasi sa iksi ng shorts na suot nito, kitang-kita ang nangingitim nitong singit. Kung siya ang babae at may ganoon siyang singit, magpapantalon siya araw-araw. Pero ang confidence at landi nito ang nagustuhan niya.

Ngumiti sa kanila ang babae. Napatingin ito sa kanya at nag-blush. Iniyuko pa nga nito ang ulo na parang nahihiya.

Napatawa naman ang binata. Hindi makaharap sa kanya ang babae. Ganoon ba siya ka-sama na pinagbabawalan ng mga pamilya rito ang mga dalagang anak na lumapit-lapit sa kanya? Wala

naman siyang record ng murder o rape. Destruction to property lang ang pinakamasahol niyang nagawa noong teenager siya, lasing at napaamok. Pero ngayong paapak na siya ng treinta ay matino na siya. Minsan na lang siya napapainom dahil kailangan niyang bantayan ang mga shop niya.

Napaubo ang kanyang katabi. Mukhang nasamid ang kuya niya sa iniinom na *Zest-O*. Hindi na ito umiinom ng beer mula nang magkasakit na sa atay. Takot ding mamatay.

Inakbayan siya ni Kato. “Bakit hindi mo ligawan ang anak ng mayor?” Itinuro nito ang naka-swimsuit na itim. Hindi nila alam kung ano ang pangalan niyon pero parang hindi marunong ngumiti at may double chin.

“Oo nga,” sulsol ng kuya niya. “Treinta ka na at dapat may asawa na. Ligawan mo ang anak ni mayor para imbis na kasal ang puntahan namin, eh lamay na!”

Napatawa si Rigo. Napatingin siya sa mga naliligo sa harap at napatigil ang mga mata sa naka-yellow bikini dahil itinaas nito ang mga braso para itali ang buhok. At noon niya napansin ang pinaka-flawless na kili-kili na nakita niya. At mukhang susuwertehin siya dahil umahon ito at mukhang

may natapakang masakit kaya itinaas ang binti. At nabigyan siya ng magandang anggulo ng singit nito. Grabe ang puti! Ang flawless! Pagkatapos nitong kuhanin ang chichirya ay bumalik na rin ito sa resort. Nagbalikan din ang mga kasamahan nito.

Naubos nga ng grupo nila ang natitirang oras sa hapon, pati gabi sa kaiinom. Lasing na ang ibang matapos sila. Pati nga siya ay natamaan din kaya hindi na derecho ang lakad papunta sa kanilang kuwarto. Pagpikit niya ng mga mata ay nakita niyang iminulat ni Yonna Roces ang mga mata at isang napakagandang ngiti ang binigay sa kanya. Napabungisngis siya sa panaginip.

CHAPTER *Two*

Pagkadungaw ni Yonna sa ibaba ay nakita niya na natutulog sa buhangin ang isang dambuhalang taga-*Devil Riders*. Iyong pinakapangit! Napangiwi siya dahil may katabi itong suka at hanggang doon sa kinaroroonan niya sa itaas ay naamoy niya iyon. Kadiri.

Mayamaya, nakita niya si Tangkad na naglakad palapit sa nakahandusay para gisingin. Dumerecho ito pagkatapos sa baybayin at doon nagpainat-inat ng katawan bago lumusong. Plano pa naman niya sanang maligo pero huwag na lang at baka kung anong bacteria pa ang dala ng lalaki sa dagat. Tumambay na lang siya sa terrace kasama ng mga kamag-anak habang hinihintay na dumating ang

kanilang agahan. Napapatingin pa rin siya sa dagat at nakitang umahon si Tangkad. Napadako naman ang mga mata niya sa shorts nito at nandilat dahil nakabakat doon ang napakalaking bukol.

May naging boyfriend naman si Yonna dati pero wala pa siyang karanasan. At kung ganoon kalaki, tingin niya hindi iyon kakasya sa kanya.

Napatingin na lang siya sa kuko dahil ang sagwa tingnan ng lalaki.

Dumating ang agahan kaya napatutok ang atensyon niya sa pagkain. Pagkatapos kumain ay naligo siya at gumala kasama si Mimi. Pumunta sila sa may stage sa niyugan kung saan mag-uumpisa ang tugtugan mamaya. Ang laki niyon at naka-setup na ang maraming malalaking speakers at iba pang gamit. Siguradong mapupuno ng musika ang buong dalampasigan mamaya.

May nadaanan silang nagtitinda ng Indian mango kaya bumili sila at bumalik sa kanilang resort para mabalatan at mapares sa suka at asin. Eksakto namang pagpasok nila sa kusina ay pumasok din si Tangkad doon para manghiram ng kutsilyo; may bitbit din itong mga Indian mango.

Nauna siyang pumasok sa kusina pero sa lalaki ibinigay ng kusinera ang nag-iisang kutsilyo na hindi

ginagamit.

“Ate, nauna po akong nanghiram,” sabi niya sa bata pang kusinera.

“Kanina pa po nakapasok si Rigo. Lumabas lang sandali para tumawag sa cellphone. Nakapagbalat na nga siya, o!” Tinuro nito ang mga balat ng mangga sa lababo.

Binigyan niya ng masamang tingin ang babae, pati na rin ang tinawag nitong Rigo na nagbabalat na ng prutas na dala nito.

Wala siyang nagawa kundi maghintay.

“Gusto mo ipagbalat kita?” alok ng lalaki nang natapos na nitong balatan ang mga dala.

Tinaasan niya lang ito ng kilay.

Inabot na lang ng lalaki ang kutsilyo sa kanya. Pero mahirap palang magbalat ng Indian mango kaya dapat pala hinayaan na niya ang lalaki na magbalat para sa kanila. Sobrang bilis nito nagawa iyon kanina. Inabot siya ng kalahating oras sa pagbabalat ng isang dosenang Indian mangoes.

Hinihinal tuloy siya nang inakyat ang mga iyon sa itaas para paghatian nilang magpipinsan. Nang maubos nila ang isang *Tupperware* ay bumaba ulit siya para ibalik ang Plasticware at platito ng suka sa kusina.

Tumunog ang kanyang cellphone kaya hinablot niya iyon at tiningnan. Ang kaibigan niyang si Daynen ay nag-text, nagtatanong kung may alam siyang bakante pang kuwarta sa Amalaya dahil papunta raw ito at ang mga kaibigan sa weekend. Nagte-text siya na wala nang available rooms nang bigla siyang nadapa. Nabitiwan niya tuloy ang hawak na *Tupperware* at platito ng suka. Nabasag ang huli.

Itinaas niya ang tingin at si Rigo Tangkad na naman ang nakita niyang nakabunggo sa kanya. May bitbit itong karton at parang hindi man lang nahiya sa nangyari.

“Nakailang beses ka na ha!” singhal niya sa lalaki.

Ibinaba ng lalaki ang karton at hinarap siya. “Nagti-text ka na naman habang naglalakad, ’tapos ako ulit ang sisisihin mo!”

“Kahit nagti-text ako, tumitingin ako sa dinadaan ko! Ikaw ang hindi. Bangag ka siguro!”

Bumadya ang galit sa mukha ni Tangkad. Nagmukha ngang nakakatakot dahil parang dadaklutin siya, pero hindi siya nagpahalatang natatakot dahil baka lalo siya nitong i-bully.

“Miss Roces, alam mo bang panget ang ugali mo?” seryosong tanong ng lalaki. “Kung hindi lang

ako busy ngayon, tuturuan talaga kita ng leksyon!”

“Rigo, sa kusina mo na ihatid ‘yan,” sabi ni Cara habang paakyat sa terrace bitbit ang plastic bags ng pagkain.

Binuhat uli ng lalaki ang karton, pero bago dumerecho sa kusina ay nag-iwan ito ng mga salita. “May oras ka rin! Magsisisi ka na nakasalubong mo ang kapogian ko.”

Nag-akto siyang nasusuka. Ang yabang! Dumerecho rin siya sa kusina at sinauli ang *Tupperware*. Nandoon pa ang lalaki.

“Ate, siya ang magbabayad ng platitong nabasag,” aniya sa kusinera habang itinuturo si Rigo.

“Bakit naman ako ang magbabayad n’on gayong ikaw ang tatanga-tanga?”

Binelatan niya ito bago lumabas ng kusina. Bumalik siya sa kuwarto at natulog. Pagdating ng alas tres ay nagbihis sila dahil mag-uumpisa ang music festival nang alas cinco. Suot ang tank top at shorts ay nakigulo sila sa maraming tao na naglalakad sa dalampasigan para makalapit sa site.

Nagbayad sila ng P150.00 each na entrance bago nakalapit sa stage kung saan may isang rakistang banda na nagte-test ng kanilang mga instrumento.

Grabe ang sound system dahil dumadagundong

talaga iyon sa buong dalampasigan. Mukhang pinagkagastusan. Kagawaran ba naman ng gobyerno at isang malaking international NGO ang nag-organize. Binisita niya minsan ang website ng *Green Peace* at ang ganda nga ng mga programa nito para sa karagatan ng Amalaya na tirahan ng maraming sea creatures. Hindi kasi sira ang corals ng kanilang probinsya kaya maraming malalaking isda at iba pang lamang-dagat.

Umalingawngaw sa mahabang dalampasigan ang boses ng bokalista. “Welcome to Amalaya Festival, people!”

Hiyawan ang mga tao. Nakihyaw din sina Yonna. Hindi nila kilala ang banda na ito pero promising ang adlibs sa instrumental. Hindi nga sila na-disappoint nang kumanta na ang banda ng mga sariling kanta na pulos Pinoy Alternative Rock.

Mayamaya ay inutusan siya ng mga ate niya na bumili ng beer para may mainom sila. Bumili na rin siya ng mga chichirya para pangpulutan. Pagkabalik nila ni Mimi, bitbit na nila ang mga binili.

“Tingnan mo si Inday Rizza, oh!” kalabit ni Ate Jenna sa kanila habang itinuturo ang kakilala na nakasakay sa balikat ng higanteng *Devil Riders* member. Iyong mukhang bakulaw.

Napataas naman ang kilay ni Yonna. May naitanong siya sa kanyang Ate Gracia. “Di ba may boyfriend na *Devil Riders* si Rizza dati? Sino diyan?”

“Yong may hitsura! ’Yong matangkad!” sagot ng kanyang ate. “Rigo yata ang name.”

Hinanap niya ang anino ni Tangkad. Nasa gilid ito ni Bakulaw at napapatawa habang tinitingnan si Rizza.

“Bugbog na naman ang isang ’yan sa kuya niya,” sabi ni Margot.

“Ang landi!” komento niya bago tinungga ang kanyang beer.

“In love nga raw si Rizza diyan,” kuwento ni Gracia. “Kaso pinagbawalan ng mga kapamilya. Siguro lasing ngayon ’yan kaya lumapit-lapit na naman sa mga *Devil Riders*.”

Nakita niyang parang mahuhulog si Rizza at sinalo ito ni Rigo bago ibinalik sa balikat ni Bakulaw.

Natigil din ang pagsubaybay niya sa babae nang lumapit sa kanya ang isang guwapong Manileño at nakipagkilala. Nalaman niyang isa pala itong engineer at sa isang malaking oil and gas company nagtatrabaho.

Nang dumilim at tumugtog ang isa pang Alternative Rock band sa stage ay inutusan na

naman siya ng mga kapatid na bumili ulit ng beer. Pumunta na naman sila ni Mimi sa tindahan sa malapit at naabutan doon si Tangkad na bumibili rin.

Isang case ang kanilang binili kaya siguradong sira ang poise nila kung bubuhatin nila iyon.

“Kung gusto n’yo, ako na ang magbubuhat niyan,” alok ni Rigo.

Binigyan niya ito ng masamang tingin bago sinenyasan si Mimi na hawakan na nito ang kabila at buhatin na nila papunta sa mga ate nila. Mabigat at masakit sa balikat sa totoo lang, pero nawala naman ang mga pagod nila nang malagok na ang mga beer. Naubos nga nilang magpipinsan, kasama si Cara at ang dalawa nitong kaibigan, ang isang case.

Pag-uwi ay ang lakas ng kanilang mga tawanan. Naunang umakyat ang mga kasama niya at naiwan siya dahil nagkita sila ni Jen-Jen at nag-usap sila nito sa dalampasigan nang mga kalahating oras. Paakyat sana siya nang makita si Tangkad na nakaharang sa hagdanan. Nakasandal ito sa dingding at nakahalukipkip.

“Di ba sabi ko, kapag hindi ako busy ay tuturuan kita ng leksyon,” bungad nito.

Binigyan niya ito ng naiiskandalong tingin. “Papadaanin mo ako o ipapupulis kita?”

Napatawa muna ang lalaki bago sumagot. “Sa tingin mo, takot akong makulong? Mas lalo pa nga akong guguwapo doon.”

“Isa...”

Dumerecho ng tayo ang lalaki at lumapit hanggang sa dalawang pulgada na lang ang layo nito sa kanya. Itinaas niya ang tingin para ipakita sa lalaki ang naiinis niyang mukha.

Sa hindi inasahan ni Yonna na hinablot nito ng yakap ang baywang niya at idinikit ang katawan niya sa katawan nito. Napaawang ang bibig niya sa kabiglaan lalo na at sa tiyan niya tumama ang kaninang ‘bukol’ na nakita niya sa shorts nito. Lalo pa siyang nagulat nang binuhat siya nito saka siniil ng halik. Hindi siya agad nakagalaw dahil sa bilis ng pangyayari. At hindi rin siya agadmaka-react.

At mukhang matalino ang lalaki dahil habang yakap ng dalawang kamay ang baywang niya ay madali siya nitong naidiin sa madilim na parte ng dingding.

Nang nakabawi, sisigaw sana si Yonna ngunit naagapan ng palad ng lalaki ang kanyang bibig. Idiniin siya nito sa dingding gamit ang katawan. Ang mga paa niya ay nakalutang sa hangin.

“Tuturuan kita kung paano maging mabait,”

anang lalaki bago idinikit ang dila sa kanyang kaliwang tainga. May kung anong kuryenteng dumaloy sa mga ugat niya, at sa tingin niya, normal lang na reaksiyon iyon dahil may kiliti talaga siya sa parteng iyon. Ang problema nga lang, hindi na tinigilan ng lalaki ang paglalaro sa tainga niya at mukhang alam nito ang ginagawa kaya parang mauubusan siya ng hininga. Mabuti na lang at madilim dahil baka pagtawanan siya ng lalaki kung makitang tumitirik na ang mga mata niya dahil sa sensasyon na pumupuno sa kanya.

Ibinaba nito ang bibig sa leeg niya. Dahan-dahan nitong itinaas at baba ang dila at pakiramdam ni Yonna ay nagtatayuan ang mga balahibo niya sa batok dahil sa ginagawa nito. Ang kanang palad ng lalaki ay nakapasok na sa likod ng top niya at doon siya mabining hinahaplos sa tapat ng kanyang spinal chord. Ang strap ng tank top niya ay nahulog na nga dahil sa pagpupumiglas kanina at mukhang malalagot siya dahil ibinaba ng lalaki ang dila nito mula sa kanyang leeg papunta sa balikat. Doon siya nito sobrang bining tinikman, ninamnam... Ang kanyang paghinga ay malalim na. Sana nga ay hindi kunin ng lalaki ang palad nitong nakatakip sa bibig niya dahil hindi siya sigurado kung ano ang lalabas

doon. Baka mapahiya lang siya.

Ibinalik ni Tangkad ang bibig sa tapat ng tainga niya at doon umanas. “Alam mo bang ang ganda-ganda mo?”

Ewan at parang naging goma si Yonna. Siguro kung bigla siyang bitiwang ng lalaki ay baka hindi niya magamit ang kanyang mga paa at mapahandusay sila.

At tulad ng kanyang inasahan ay hindi na siya nagreklamo nang siniil ng lalaki ang kanyang bibig. Hindi siya tumugon, pero hindi rin tumutol. Ibinaba siya ng lalaki sa lupa at inipit ng katawan nito para hindi mapatumba. Mayamaya ay nakapasok na ang mga palad nito sa kanyang tank top at sapo na ang mga dibdib niya. Doon siya nagkaroon ng lakas ng loob na magsalita.

“Stop,” hinihinal niyang sabi habang pinipigil ang mga kamay nito. Hindi niya mawari kung galit ang tono niya o baka nagmamakaawa pang ipagpatuloy pa ng lalaki ang ginagawa nito. Ang kamay naman niya ay walang puwersa.

“Ititigil ko naman kapag sinabi mo,” bulong nito sa tainga niya.

Humugot siya ng matinding lakas ng loob bago nakapagsalita ng isang disenteng “Stop” uli.

Binitiwang siya ni Rigo. Muntik na siyang matumba pero mabuti at nasalo siya nito at tinulungang tumayo. Hinayaan siya nitong makalakad palayo.

Dumerecho siya sa kuwarto nilang magkakapatid at tumabi sa mga ate niya sa kama. Nasapo niya ng kamay ang dibdib habang binabalikan ang nangyari sa ibaba. Paano niya nahayaan ang sarili na magpahalik at magpayakap sa lalaking iyon?

Nakatulog tuloy siya na diring-diri sa sarili. Pero bakit pagpikit niya ay mga halik ng lalaki pa rin ang napanaginipan niya? Mas grabe pa nga ang nangyari roon dahil tumutugon talaga siya sa halikan at haplusan.

CHAPTER *Three*

*S*i Yonna ang pinakaunang nagising sa kanilang lahat. Alas siete pa lang ay gising na siya. Nanaginip kasi siya na nasa kama siya at may nangyayari sa kanila ni Rigo. Ang problema, papasok daw ng kuwarto ang daddy at mommy niya kaya nagising siya na nerbyos na nerbyos.

Never! Hindi talaga siya puwedeng makita ninuman na pumapatol sa lalaking iyon at baka kung ano ang isipin sa kanya ng ibang tao.

Naligo agad si Yonna kaya nang nag-agahan sila nang alas diez ay bihis na bihis na siya habang papungas-pungas pa ang iba. Pinuna nga siya ng mga ate niya kung bakit siya nagising nang maaga dahil siya palagi ang pinakahuling nagigising.

“Wala lang,” sagot niya. Kailangan ba niyang ikuwento ang kanyang panaginip? Baka umbagin siya ng mga ito.

Kumakain sila nang nahagip ng paningin niya ang anino ni Rigo sa ibaba. Pupungas-pungas na lumapit ito sa dagat. Napahaba ang leeg niya nang hinubad nito ang pantalon at boxers lang ang suot nang lumusong sa dagat. Sexy itong tingnan lalo na at malapad ang dibdib at malaki ang mga muscles sa braso. Nakita niya ang six-pack sa tiyan ni Rigo at biglang namula ang kanyang mukha. Ang sarap sabunutan ng sarili. *Walang taste!*

Katatapos lang nilang kumain nang dumating ang isang bisita ni Gracia: si Rizza, naka-shorts ito at luwa ang dibdib sa suot na bikini top.

“Bakit naligaw ka rito? Ako ba ang binisita mo o iyong nasa ibaba?” tanong ni Gracia.

“Both!” sagot ni Rizza sabay halakhak. “Alam mo namang mabubugbog ako ng kuya kung doon lang ako sa ibaba maglalagi. Mabuti nga at iisang resort kayo; may irarason ako.”

Binigyan ng kapatid niya ng masamang tingin ang dating kaklase. “Baka ako ang masisi sa ’yo, bruha ha! Masabihan pa akong bad influence!”

“Sus! Paano naman magiging bad influence ang

isang santa-santita?” Dumungaw ito sa terrace para tawagin ang bakulaw na rider. “Kato, ’asan si Rigo?”

“Naliligo eh!” sagot ng tinanong.

Tiningnan ni Yonna ang dagat. Wala na roon ang lalaki. Baka nagbabanlaw na.

“Sabihin mo nandito ako!”

“Sige!”

Itinutok ni Rizza ang atensyon kay Gracia. Mukhang alam ng babae kung paano kilitiin ang ate niya dahil tungkol sa ex ng nobyo ng ate niya ang tsinika nito. Si Gracia naman gustong-gusto makinig ng tungkol sa mga insulto kay Tonette. Malaki kasi ang insecurity nito sa karibal. Puring-puri pa naman si Rizza sa kanyang kapatid.

Pagkatapos ng kalahating oras ay tumigil sa pagchismis ang babae at dumungaw uli para itanong kung nasaan na si Rigo.

“Bakit mo raw hinahanap si Kuya?” tanong ng teenager na rider.

“Tinatanong pa ba ’yan? Nandiyan na siya?”

“Nandito, pero mukhang tinatamad lumabas. Mainit daw kasi.”

Tumingin si Rizza kay Gracia. “Sandali lang, amiga, at lalandiin ko muna siya.” Iniwan na sila nito. Bumaba ito at doon na tumambay.

“Ano nama’ng nakita ni Rizza sa lalaking ’yun?” tanong ng ate niya sa kanya. “Punung-puno ng tattoo at parang walang patutunguhan ang buhay.”

“Paano naman ’yan makakabili ng *Ducati* kung walang pangbuhay sa sarili? Ikaw naman, huwag masyadong manghusga,” sabi ng kakaakyat lang na si Cara sabay abot sa kanila ng binalatang singkamas. Binabad iyon sa suka kaya nagtayuan sila para kumuha.

Dahil kulang sa kanila ang singkamas, inutusan si Yonna ng Ate Gracia niya na bumili pa ng singkamas. Kasama si Mimi ay bumaba sila ng hagdanan at doon sa ibaba, sa bar, nakita niyang nakaupo si Rigo kasama ang kuya nito at si Bakulaw, at si Rizza na bumibida roon. Sinundan siya nito ng tingin. Mabilis naman niyang binawi ang paningin dahil sa hiya.

Hinanap nila ang bilihan ng singkamas at naabutan doon si Engineer Brent, iyong Manileño na nakilala nila sa music fest. Nilibre sila nito ng isang bugkos na singkamas. Gusto pa ngang sumama sa kanila papunta sa resort ngunit pinigilan niya.

“Huwag na kasi may pupuntahan pa kami. Bukas na lang siguro. Kitakits...” At mabilis niyang hinatak si Mimi palayo.

“Tange ka! Bakit hindi mo na lang hinayaan si Engineer na sumama sa atin? Dederecho naman tayo ng uwi ah,” sabi ni Mimi.

“Ayaw ko nga! Baka kasi kung ano ang isipin ng iba.”

“Ano namang masama ang iisipin namin tungkol sa ’yo? Normal lang naman na ligawan ka.”

Ang iniisip kasi ni Yonna ay baka kung ano ang iisipin ng lalaking nakakasalubong niya ng tingin habang papaakyat sila ng hagdanan. Nasa gilid pa rin si Rigo ng kuya nito at nakikinig kay Rizza.

“Balatan mo ’yan doon, Yonna,” utos ng ate Jenna niya.

Bumaba sila ni Mimi sa kusina para doon magbalat ng singkamas. Nakatapos sila ng isa. Nang bumukas ang pintuan at lumapit sa kanila si Rigo.

“Tulungan ko na kayo,” alok nito.

Binigyan ito ni Mimi ng disgustadong tingin. Siya naman ay walang reaksyon. Hinayaan niyang damputin ni Rigo ang isa at tulungan silang magbalat. Mabilis itong gumalaw habang nagkukuwento na ang lolo raw nito ay may tanim na singkamas noong araw.

“Mas malaki pa sa ulo ko ang mga singkamas doon. Dumii ng paniki ang ginagawa niyang

fertilizer. May kuweba kasi malapit sa amin.”

“Saan ba ’yon?” tanong ni Yonna.

“Sa Bukidnon.” May sasabihin pa sana ang lalaki ngunit pumasok si Rizza sa kusina.

“Pahingi naman isa, Yonna,” sabi ng babae. Tinapik nito pagkatapos si Rigo. “Bilhan mo naman ako nito.”

“Mainit eh,” sagot ng lalaki.

“OA. Nagmo-motor nga kayo buong araw, wala naman sa ’yo ang init. Ilang minuto lang ’yun.”

Kumuha ng pera ang lalaki sa bulsa nito at inabot sa babae. “Pabili ka kay Tutubi.”

Lumabas na ng kusina si Rizza.

“Ang sweet naman,” parinig niya.

“Binantaan ako ng kuya niyan kaya umiiwas-iwas ako,” kuwento ng lalaki. “Baka mamaya mabaril pa ako dahil diyan, delikado!”

Hindi naman siya nakapag-react. Pagkatapos mabalatan ang singkamas ay nagpasalamat siya kay Rigo. Bumalik sila sa itaas. Nandoon si Rizza at nagkukuwento sa ate niya ng listahan ng mga bandang kakanta mamaya.

“Ate Rizza, dini-deny ka ng boyfriend mo sa amin kanina,” sabi ni Mimi. “Hindi naman daw kayo.”

Nanlaki ang mga mata niya sa sinabi ng pinsan. Bakit nito ikinuwento ang sinabi ni Rigo tungkol kay Rizza?

“Gunggong ’yon!” sagot ng huli. “Maaway nga!” Binigyan sila ng kindat ng babae saka excited na bumaba.

“Oy, why did you tell her that?” tanong niya sa pinsan. “Baka akalain n’on ako ang tsismosang nagsumbong.”

“Eh, totoo naman!” sagot ni Mimi. “Ikaw kaya ang i-deny ng boyfriend mo? Ano ang mararamdaman mo?”

“Kita mo namang si Rizza ang siksik nang siksik ng sarili doon,” sabi niya.

“Eh parang gusto naman ng lalaki.”

“Nahihiya lang ’ka mong pagtabuyan si Rizza.” Binigyan niya ng masamang tingin ang pinsan bago pumasok sa kuwarto nilang magkapatid.

Narinig ni Yonna na napatatong si Mimi kung ano ang kanyang problema bago niya naisara ang pinto. Humilata na lang siya sa kama at natulog.

Ginising siya ng kanyang Ate Jenna para kumain ng pananghalian pero hindi niya ito pinansin. Gumising lang siya nang alas dos na dahil paumpisa na ang ikalawang araw ng festival ngayong alas

cuatro. Wala ang mga kapatid niya dahil gumalaraw. Dumungaw siya sa terrace at nakitang nakikipaghalakhakan si Rigo sa mga binatilyo. Halos mapaluhod na sa katatawa ang tatlo. Napataas ng tingin si Rigo at nakita siyang nakatitig.

Umatras siya para hindi nito makita. Bumalik siya sa kuwarto para maligo at nagsuot ng shorts at bikini top. Eksakto namang nakaayos na siya nang makabalik ang mga ate niya para magbihis din. Nakakamiseta at shorts ang mga ito. Kasabay ang kanilang mga pinsan, pumunta sila sa site at nagbayad sa entrance. Mas maraming tao ngayong araw at inaasahan nilang siksikan doon sa Sabado at Linggo kung kailan darating ang mga sikat na banda. Ang unang tumugtog ay isang reggae band galing Cebu. Mukhang magaling ang grupo.

Tinatamad ang mga ate nila na makisiksik sa gitna kaya sila na lang ni Mimi ang sumiksik at lumapit sa stage. Guwapo ang bass guitarist kaya napatili silang dalawa.

Pagdilim ng langit ay pawis na pawis na silang dalawa sa kasasayaw. Six thirty pa lang noon. May nakasama nga silang isang grupo ng mga estudyante galing sa *Ateneo de Davao*. Inabutan sila ng mga ito ng beer. Mga environmentalist pala ang mga

estudyante kaya doon piniling gumimik para makatulong na rin sa kapaligiran.

Mabuti at may malapit na CR sa stage. Ang problema nga lang, ang haba ng pila kaya inabot sila ni Mimi nang isang oras sa pila. Mahirap na rin kasing lumabas dahil sa dami ng tao.

Pagkabalik nila sa puwesto ay ibang grupo naman ang nakasama nila. Mga envoy naman ang mga iyon galing sa embahada ng Brazil. Pinadalhan daw sila ng *Green World* ng invitation at mukhang cool ang festival kaya pinuntahan ng mga ito. Nakaka-enjoy daw ang Amalaya.

Mga alas diez ay napagod na silang dalawa kaya nagpasya nang bumalik sa mga kapatid. Siya na ang naghanap ng daan palabas. Nakakasakit nga ng ulo dahil sa dami ng tao. Pagtalikod niya ay noon lang niya napansin na hindi pala nakasunod sa kanya si Mimi. Bumalik si Yonna at hinanap ang kaibigan hanggang sa lalong sumakit ang kanyang ulo sa kahahanap. Na-overwhelm siya habang tinitingnan ang dami ng tao. Parang babagsak siya sa lupa hanggang sa nakita niyang papalapit sa kanya ang pamilyar na tangkad. Si Rigo, sa nag-aalalang mukha, ay nasa harapan niya.

“Okay ka lang?” tanong ng lalaki.

“Hinahanap ko si Mimi. Hindi ko makita. Nakakasakit din ng ulo ang dami ng tao.”

Inakbayan siya ng lalaki at sabay silang lumabas sa pumpon ng mga tao. Parang sa bakal ang mga braso nito at pinrotektahan siya sa mga lumilipad na mga kamay at katawan kaya hindi siya nasaktan. Nakalabas sila sa isang niyugan.

“Nasaan na tayo?” tanong niya.

Napatawa ang lalaki. “Bakit naman dito tayo napalabas?”

Hindi niya maiwasang mapatawa rin. Infectious kasi ang tawa ng lalaki.

Hinawakan ni Rigo ang palad niya kaya hawak-kamay silang naglakad sa niyugan.

“Nasaan nga tayo?” anito habang tinitingnan ang stage. Parang napunta sila sa kabilang banda dahil sa kaliwa ng stage ang kanila. May nakakasalubong din silang iilang naliligaw. “Parang may kalsada doon, oh!” sabi ng lalaki sabay turo sa gawi ng mga niyog. Doon sila dumaan at may isang madilim na kalsada nga. Doon siya inakbayan nito habang naglalakad.

May kalsada nga pero mukhang hindi papunta sa kanilang resort. Napalabas sila sa isang baybayin.

“Napasobra tayo dahil alam kong doon banda ang resort nina Cara.” Itinuro nito ang tumpok ng

mga ilaw sa malayo at nakilala niyang iyon nga ang resort nila.

Pero imbis na maglakad papunta roon ay dinala siya ng lalaki sa dagat at doon niyakap.

“Ligawan kaya kita sa inyo, Yonna?” anang lalaki. “Sa tingin mo ba, tututukan ako ng baril ng daddy mo?”

Hindi niya alam ang sasabihin. Itinaas ni Rigo ang kanyang baba at mabini siyang hinalikan. Hinayaan niya lang ito at nang maglaon ay napatugon na rin. Masarap itong humalik. Ang mga braso niya sa gilid ay itinaas niya para makayakap sa lalaki. Gamit ang mga braso nito na nakayakap sa baywang niya ay kinarga siya ni Rigo para hindi mahirapang yumuko sa kanya. Itinapon na niya ang mga inhibisyon at buong layang nakipagsagutan ng halik sa lalaki.

Ibinaba siya ng lalaki sa lupa. “May mga dumadaan dito kaya p’unta tayo sa niyugan,” anito sabay hatak sa kanya sa gitna ng mga niyugan. Parang tuod na sumunod siya. Pagdating doon, sa isang hatak lang ay napasubsob na siya sa dibdib ng lalaki at sa isang galaw ay nakahiga na siya sa buhangin at nasa ibabaw niya ito. Siguro ito ang sinasabing kagagahan!

Inilapat ng lalaki ang bibig nito sa bibig niya na buong sarap naman niyang ninamnam.

Iniwan ng lalaki ang bibig ni Yonna para ibaba sa leeg niya ang mga labi at doon nangiliti. Napatingin lang siya sa langit, sa buwan at bituin na halos takpan ng mga dahon ng niyog. At dahil bikini top lang ang suot niya, alam niya kung gaano iyon kadalang mahubad. Napalingon siya sa binata nang isiksik nito ang palad sa likod ng leeg niya para hilahin ang tali niyon.

“Glow-in-the-dark ang boobs mo, Yonna,” komento ng lalaki sabay bungisngis.

Napatingin siya sa dibdib at napatawa rin dahil parang umiilaw nga iyon sa kaputian. Pero natigil agad ang tawa niya nang ibinaba ng lalaki ang mukha at isinubo nito n*pple niya.

Napapikit ang dalaga nang gamit ang isang palad ay nilakumos nito ang dibdib niya habang nilalaro ng dila ang isa.

Naramdaman niya ang isang palad ng lalaki ay pumapasok na sa loob ng shorts niya, sa bandang puwitan. Hinayaan lang ni Yonna pero nakaramdam siya ng takot, lalo na nang inilipat ng lalaki ang palad sa harapan ng kanyang panties.

Hinanap niya ang boses at sana ay maintindihan

ng lalaki ang gusto niyang mangyari. “Ahm... puwedeng huwag mong i-insert.” Hindi pa talaga siya handa.

Napataas ang mukha ng lalaki para tingnan siya sa dilim. At pagkatapos ng ilang segundo ay nagsabi ito ng “Okay.” Ibinaba nito ang dila sa kanyang tainga at doon nangiliti. Inilabas nito ang palad mula sa kanyang shorts at tinanggal ang pagkakabutones niyon saka ibinaba ang zipper para hindi mahirapan. Ipinasok nito pagkatapos ang kamay sa kanyang panties at doon ipinuwesto sa hiwa niya.

Nati-tense na pinapakiramdaman ni Yonna ang daliri ng lalaki. Doon ito dahan-dahang naglaro. Ipinikit niya ang mga mata para hayaan na lang ang sarili. Hindi siguro siya mamamatay sa kaunting kaligayahan. Basta ba virgin pa rin siya na makakauwi sa kanila ay siguradong hindi siya maaasiwang humarap sa mga kapamilya. At hindi niya inasahan na mapabuka nang kaunti ang mga binti dahil parang sumasarap ang kanyang pakiramdam. Ang tiyan niya ay parang biglang lumobo, sumikip at gustong sumabog.

Napamulat uli siya para tumingin sa langit. Parang naging blurred ang tingin niya, parang may usok na. Napapaawang ang kanyang labi dahil sa

sensasyon na biglang bumulusok mula sa pagitan ng kanyang mga hita.

“Rigo.... There’s something,” wala sa sarili na aniya sabay ipit sa mga binti. Nahiihiya siya sa nararamdamang sensasyon.

“Ganyan talaga ’yan,” sabi ng kaniig. “Ibuka mo uli!”

“No.” Kinokontrol na ng mga sensasyon ang katawan ng dalaga at kinakabahan siya.

“Sige na, Yonna,” anas nito sa tainga niya. “Huwag mong pigilan ang sarili mo. Hayaan mo lang.” Binigyan siya nito pagkatapos ng isang napakalambing na halik habang ibinubuka ng isang palad ang mga binti niya.

Hindi na siya lumaban. Hinayaan na niyang nakabuka ang mga binti. Napahawak siya sa braso ng lalaki habang napapaarko ang likod dahil sarap na sarap na siya sa ginagawa ng binata. At hindi na niya mapigilang magpalabas ng isang ungol dahil parang may gustong abutin ang katawan niya. Mukhang alam naman ni Rigo ang nangyayari sa kanya dahil niyakap siya nito nang mahigpit sa baywang.

“Malapit na ’yan,” bulong nito habang binibilisan ang galaw ng mga daliri sa loob ng panties niya. Napahawak siya sa pupulsuhan ng kamay na

gumagalaw para pigilan ito. Halos hindi siya makahinga dahil sa nararamdamang sensasyon.

At hindi niya napigilan ang sarili na iiyak ang pangalan ng lalaki nang isang tila napakalaking kombulsyon ang lumindol sa kanyang katawan.

Isang napakalambing na halik ang ibinigay sa kanya ng lalaki. Napayakap naman siya rito nang mahigpit. Hindi niya alam ang sasabihin.

Pagkatapos nang ilang minuto ay doon siya nakapagsalita. “B’alik na tayo sa resort at baka hinahanap na ako.”

Tumayo naman si Rigo at inabot ang kamay niya para matulungan siyang tumayo. Magkahawak-kamay silang naglakad sa dalampasigan. Nang malapit na sila sa resort ay hinalikan siya ng lalaki sa bibig bago binitiwang ang kanyang kamay. Mas binilisan niya ang paglalakad para hindi magmukhang magkasama sila.

“Ayan na pala, oh!” bungad ni Ate Margot nang makita siyang paakyat ng hagdanan.

“Saan ka galing? Bakit mo naman iniwan ang phone mo?” tanong ni Ate Jenna. “Hinahanap ka nina Gracia at Mimi roon.”

“Naligaw kasi ako,” sagot niya.

Tinawagan ni Jenna ang dalawa na bumalik na

dahil nakauwi na siya. Mayamaya pa ay nakabalik na ang mga ito sa resort.

“Hinanap ka ni Engineer kanina,” kuwento ng Ate Gracia niya.

Wala siyang reaksiyon. Pumasok si Yonna sa kuwarta nila at doon humiga. Nakinig siya ng musika at binalik-balikan ang nangyari sa kanila ni Rigo kani-kanina lang.